Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 51

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 204
**Serye ng 2023**

**KAPASIYAHAN** NG PAGGUNITA AT PAGKILALA SA KAPANGANAKAN NG KAUNA-UNAHANG TAGAPAMAHALANG PANGKALAHATAN NG IGLESIA NI CRISTO, KAPATID NA FELIX Y. MANALO, SA LUNGSOD NG MAYNILA

PANGUNAHING MAY AKDA: **KGG. NUMERO G. LIM**
MGA KASAMANG MAY AKDA: KGG. BENNY FOG T. ABANTE III, KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. KRYSTLE MARIE C. BACANI, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG. LARIS T. BORROMEO, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. MACARIO M. LACSON, KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, KGG. MOISES T. LIM, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. ROMA PAULA S. ROBLES-DALUZ, KGG. DARWIN B. SIA, KGG. LUIS C. UY, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, KGG. LEILANI MARIE H. LACUNA, KGG. DANIEL DAVE A. TAN, KGG. **ERNESTO C. ISIP, JR.,** Punong Mayorya, KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ, Pansamantalang Tagapangulo at KGG. **JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**, Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo

SAPAGKAT, ang kauna-unahang Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia Ni Cristo, si Kapatid na Felix Y. Manalo, ay isinilang noong ika-10 ng Mayo taong 1886, sa Barrio Tipas, Taguig, Rizal;

SAPAGKAT, si Kapatid Felix Y. Manalo ay kinilala bilang Sugo ng Diyos sa mga Huling Araw at nagtatag ng Iglesia Ni Cristo noong ika-27 ng Hulyo taong 1914;

SAPAGKAT, ang kaniyang walang sawang dedikasyon at paglilingkod sa Maylikha at sa kaniyang mga miyembro ay nagbigay inspirasyon at direksyon sa milyun-milyong mga nilalang sa buong mundo;

SAPAGKAT, ang kaniyang kapanganakan ay malaki ang naiambag sa kasaysayan at kultura ng Lungsod ng Maynila at ng buong bansa;

SAPAGKAT, itinakda ng Lungsod ng Maynila ang ika-10 ng Mayo bilang "Ka Felix Y. Manalo Day" bilang pagkilala at paggunita sa kaniyang kontribusyon sa kasaysayan at kultura ng ating Lungsod: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila ng paggunita at pagkilala sa kapanganakan ng kauna-unahang Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia Ni Cristo, Kapatid na Felix Y. Manalo, sa Lungsod ng Maynila.

PINAMUNUAN NI:

**JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ**
Pansamantalang Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 18 ng Mayo, 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: acl/jok/cpf/ebs/hpr/avs